**Republika ng Pilipinas**
**Sangguniang Panlungsod**
**Lungsod ng Maynila**

*******************

PANGKARANIWANG PULONG BLG. 152

IKA-12 SANGGUNIANG PANLUNGSOD

*******************

# KAPASIYAHAN BLG. 523
**Serye ng 2024**

**KAPASIYAHAN** NA PAGKILALA SA STA. ANA HOSPITAL SA PAGKAKAROON NG LEVEL III ACCREDITATION BILANG ISANG GENERAL HOSPITAL MULA SA KAGAWARAN NG KALUSUGAN NOONG HULYO 2024

MGA MAY AKDA: **KGG. BENNY FOG T. ABANTE III**, KGG. RICARDO "Boy" A. ISIP, JR., KGG. LEILANI MARIE H. LACUNA, KGG. LUCIANO M. VELOSO, KGG. ELMER M. PAR, **KGG. SALVADOR PHILIP H. LACUNA,** Punong Minoriya at **KGG. RODOLFO N. LACSAMANA**, Pansamantalang Punong Minoriya

SAPAGKAT, ang Sta. Ana Hospital ay isang sampung-palapag na gusali na may kapasidad na tatlong-daang kama at ang pangalawang pinakamalaking pasilidad na nangangalaga ng pangkalusugan na pag-aari at pinamamahalaan ng Lungsod ng Maynila;

SAPAGKAT, alinsunod sa Kautusan Blg. 8206 ng Lungsod ng Maynila na may pamagat na "AN ORDINANCE ESTABLISHING A DISTRICT HOSPITAL IN THE SIXTH DISTRICT OF MANILA, DEFINING ITS FUNCTIONS AND PROVIDING FOR ITS ORGANIZATIONAL STRUCTURE, AND FOR OTHER PURPOSES", ang Sta. Ana Hospital ay nagsimulang magbigay ng serbisyo noong ika-28 ng Abril 2010 kung saan ang lupang kinakatayuan ay ibinigay sa Pamahalaang Lungsod ng Maynila ni G. Lucio Tan sa pamamagitan ng Tan Yan Kee Foundation;

SAPAGKAT, ang Sta. Ana Hospital, sa pamumuno ni Kgg. Maria Sheilah "Honey" H. Lacuna-Pangan, MD, FPDS, ay nakamit ang Level III Accreditation status sa kanyang ika-labing-apat na taong pagseserbisyo sa mga Manilenyo mula sa Kagawaran ng Kalusugan noong buwan ng Hulyo, sa taong 2024;

SAPAGKAT, dulot ng panibagong pagkilala ng Sta. Ana Hospital at ang kanyang estado at kalidad ng serbisyo, maaari nang makapagbigay ang ospital ng karagdagan at espesyalisadong serbisyo sa mga mamamayan ng Lungsod ng Maynila;

SAPAGKAT, kaakibat ng pagkilala bilang isang Level III General Hospital, ang Sta. Ana Hospital ay nakatanggap din ng Provisional Level 1 Accreditation status mula sa Philippine College of Physicians noong ika-5 ng Mayo 2024 para sa Residency Training Program nito;

SAPAGKAT, katibayan ng kalidad ng pagtuturo at pagbibigay ng serbisyo publiko sa larangang pangkalusugan, ang mga akreditasyon nakalap ng Sta. Ana Hospital at higit pa itong katibayan ng dedikasyon sa paglilingkod sa bayan ng mga kawani ng ospital at ng Lokal na Pamahalaang Lungsod ng Maynila: KAYA, NGAYON, mangyaring

IPASIYA, tulad ng pagpapasiya ng Sangguniang Panlungsod ng Maynila na pagkilala sa Sta. Ana Hospital sa pagkakaroon ng Level III Accreditation bilang isang general hospital mula sa Kagawaran ng Kalusugan noong Hulyo 2024; at MANGYARING MULI

IPASIYA, na ang sipi ng Kapasiyahan na ito ay ipamahagi sa Sta. Ana Hospital Director Dr. Grace H. Padilla, MD, MHA.

PINAMUNUAN NI:

**JOHN MARVIN C. "Yul Servo" NIETO**
Pangalawang Punong Lungsod at Tagapangulo
Sangguniang Panlungsod ng Maynila

Ipinasiya ng Sangguniang Panlungsod ng Maynila sa pangkaraniwang pulong ngayong Ika – 15 ng Agosto 2024.

PINATUNAYAN:

**LUCH R. GEMPIS, JR.**
Kalihim ng Sangguniang Panlungsod

JMG/RRB: acl/jok/cpf/hpr/eys